K

# Lingguhang Aralin sa Kindergarten

Kuwarter 1

Linggo

8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN

HINDI IPINAGBIBILI

**Lingguhang Aralin sa Kindergarten**
**Kuarter 1: Linggo 8**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan sa mga guro para sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong Pampanuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anomang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito ayon sa sinasaklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring maging hakbang sa legal na kaparusahan.

Sinikap na matunton ang mga may-akda ng mga ginamit na materyal na ito para sa paghingi ng permiso. Kung kaya't hindi lubos na inaangkin ang pagmamay-ari ng mga bumuo ng mga kagamitang panturong ito.

**Bumuo ng Materyal**

**Sinuri at Pinagyaman**

**Internal:** Marissa M. Andanza, Ruby E. Baniqued, Gemma G. Bernardo, Dalisay E. Esguerra, Florita R. Matic, Florante D. Garcia, Lucky S. Carpio, Aubrey M. Arebuabo, Jever E. Sales, Evelyn M. Ramos

**External:** Jonellie Reynes Santos, Rubie Sajise, Kristine Canon

**Tagalapat:** Dorothy Grace I. Reyes, Ana Lisa M. Mesina, Edgardo Q. Reyes, Cristina Rivera, Klarize B. Bermejo

**Tagaguhit:**

**Management Team**

**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO IV* Regional Director
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regonal Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC Chief Education Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**MARICAR A. BANGIT**, Regional Kindergarten Supervisor
**RUBY E. BANIQUED**, Division LRMS/ Kindergarten Supervisor
**DALISAY E. ESGUERRA**, Division LRMS/ Kindergarten Supervisor

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

<table>
<tr><td rowspan="4">MaTaTaG<br>Kindergarten<br>Lingguhang Aralin</td><td>Paaralan:</td><td colspan="2"></td><td>Petsa:</td><td></td></tr>
<tr><td>Pangalan ng Guro:</td><td colspan="2"></td><td>Lingguhang Bilang</td><td>8</td></tr>
<tr><td>Pangkat:</td><td>1.</td><td>2.</td><td rowspan="2">Markahan</td><td rowspan="2">1</td></tr>
<tr><td>Tema:</td><td colspan="2">Knowing Who We Are and Our Families</td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| **A. Pamantayang Pangnilalaman (*Content Standard*)** | *The learners demonstrate understanding of attitude, emotions, similarities and differences of oneself and others including the concept of family, and of importance of physical health, safety, and appropriate movement concepts.* |
| **B. Pamantayang Pagganap (*Performance Standard*)** | *The learners manage emotions, make decisions, recognize similarities and differences of people, and express oneself based on personal experiences; participate actively in various physical activities; use hands in creating models; perform coordinated body movements; and take care of one's physical health and safety.* |
| **C. Mga Kasanayang Pampagkatuto (*Learning Competencies*)** | ● *Express oneself through music, arts, and movement*<br>● *Demonstrate ability to respond appropriately in different situations and events*<br>● *Demonstrate locomotor and non-locomotor movements*<br>● *Identify one's given name, friends' names, their family members, and common things they use that are found at home*<br>● *Produce the sound of the letter it stands for*<br>● *Write the letters of the alphabet in uppercase and lowercase form*<br>● *Describe objects based on attributes (shapes, sizes, uses, etc.) using senses and body parts;*<br>● *Compare quantities using one to one correspondence to determine which has more, less, or equal*<br>● *practice ways of caring for and protecting one's body;* |
| **D. Mga Layunin (Mensahe)** | ● Nasasabi ang mga pangunahing pangangailangan – pagkain, bahay at damit<br>● Naibabahagi ang kahalagahan ng pagkain<br>● Natutukoy ang tatlong pangkat ng pagkain, Go, Glow at Grow |
| **E. Nilalaman/Paksa (*Content Focus*)** | Tayo ay may pangunahing pangangailangan |

| BLOCKS OF TIME | LUNES | MARTES | MIYERKOLES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| ***Arrival Time*** <br> *Free Play* <br> (10 minuto) | Batiin ang mga bata sa kanyang pagdating. Kapag may lugar sa labas ng classroom upang pumila ang mga bata nang hindi maaarawan o maulanan, papilahin sila. (Sumangguni sa *Teacher's Guide* ukol sa *intentional teaching* tungkol sa *routine activities*). <br><br> Sabihin sa mga bata na ibaba ang kanilang mga gamit at maghanda na sa pag-umpisa ng klase. <br> Bigyan ng mga laruan ang mga mag-aaral na akma sa aralin. <br> Hal. Pagbubukod-bukod ng mga gamit sa paligid. <br> A. Pagbukod-bukurin ang mga pagkain (larawan ng prutas, gulay at iba pa), larawan kasuotan o damit, at larawan ng mga gamit sa bahay. <br> B. Pagkulay ng mga larawan ng prutas, mga gamit sa bahay. <br> C. Pagbibilang gamit ang iba't ibang blocks o kahit anong counters (Popsicle sticks) <br><br> Matapos ang sampung minuto, kantahin ang Isa, Dalawa, Tatlo o iba pang kanta na maaring gamitin upang umupo ang mga bata. (Sumangguni sa Appendiks) | | | | |
| ***Meeting Time*** <br> (15 minuto) <br><br> *Routine Activities* | Pambansang Awit <br> Panalangin <br> Ehersisyo <br> Kumustahan (kamustahin ang mga bata, magtanong din tungkol sa balita sa TV o radyo na napanoood o narinig nila, *current events*) <br><br> Balitaan: <br> Ating alamin ang petsa, araw, buwan ngayon gamit ang ating kalendaryo. <br><br> Kahapon ay (e.g., Linggo) Ngayon ay _________ Bukas ay ___. <br> Ang petsa ngayon ay ika ___ng _____taong, ______. <br> Ano naman ang ating panahon ngayon? (maulan, maaraw, etc.)Gumamit ng tsart o kalendaryo sa uri ng panahon. Lagyan ng larawan ng uri ng panahon sa araw ng aralin. <br><br> Sumangguni sa Teacher's Guide partikular ang *Intentional Teaching for Routine Activities* upang makita ang iba't ibang konsepto at *variation* ng pagtuturo nito.) | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Mensahe** | Ang tirahan ay mahalaga. Ito ay nagbibigay ng proteksyon mula sa init ng araw, ulan at malamig na panahon.<br><br>Ang ating tirahan ay ang bahay o tahanan na may iba't ibang anyo at laki.<br><br>. | Ang mga damit ay isa sa mga pangangailangan ng ating katawan.<br><br>Ang mga ito ay nagbibigay din ng proteksyon sa init at lamig at upang hindi magkasakit. Tinatakpan din nito ang kabuoan ng ating katawan. | Ang pagkain ay nagbibigay sa atin ng kalakasan, magandang kalusugan at tibay ng pangangatawan at kaisipan. | Ang mga prutas at gulay ay mga *Go* at *Glow Foods*<br><br>Ang *Go Foods* ay mga pagkaing nagpapalakas tulad ng tinapay, kanin, pasta, kamote at mga prutas, asukal<br><br>*Glow foods* ay pagkaing panlaban sa sakit tulad ng mga gulay, prutas at isda.<br><br>Ang pagkain na nabibilang sa "*Glow Foods*" ay nagpapaganda at nagpapatibay ng hibla ng buhok, nagpapakinang at nagpapakinis ng balat at nagpapalinaw ng paningin. | Ang "*Grow Foods*" ay mga pagkaing nagpapatangkad, nagpapatibay ng buto at ngipin tulad ng gatas, karneng baboy at manok, itlog, butong gulay tulad ng munggo.<br><br>Tayo ay may mga pangunahing pangangailangan at ang mga ito ay pagkain, tirahan at kasuotan. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Katanungan** | Bakit mahalaga ang bahay?<br>Sino-sino ang nakatira sa bahay?<br>Ano ang mga materyales na paggawa ng bahay?<br>Paano mo malalaman kung matibay ang isang bahay? | Pagmasdan ang sarili. Anong uri ng damit ang inyong isinuot sa araw na ito?<br><br>Mahalaga ba ang may damit? Bakit? | Ano ang kailangan ng ating katawan upang lumaki at maging malusog?<br><br>Lahat ba ng kinakain natin ay nakatutulong sa ating kalusugan? Bakit opo at bakit hindi po? | Ano ang mga pagkain na nabibilang sa "*Go* at *Glow Foods*"?<br><br>Anong naitutulong ng mga ito sa ating pangangatawan? | Ano ang mga pagkain na kasama sa pangkat ng *Grow Foods*?<br>Bakit mahalaga ang pangkat na ito?<br>Ano ang naitutulong nito sa ating katawan? |
| ***Circle Time* 1 (*Work Period*)**<br>(45 minuto) | Awitin ang *Kaibigang Libro*<br>Tula: **Ang Ating Tahanan** (Sumangguni sa Appendiks)<br>Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita/ konsepto na nasa kwento. Magpakita ng larawan sa bawat sa salita.Hayaang magsabi ang mga bata ng kanilang kaalaman tugkol dito. Gamitin ng guro sa pangungusap o magbigay ng *action* kung kinakailangan.<br>-tahanan<br>-matatag<br>-kaligtasan<br><br>***Pagganyak:***<br>Ano ang mga materyales na ginagamit sa paggawa ng bahay | **Pagganyak:**<br><br>*Tula:* **Ako Ay May Damit**<br><br>Bakit kailangan nating magsuot ng damit?<br><br>Magpakita ng larawan ng mga iba't ibang uri ng damit.<br><br>**Pangganyak na Tanong:**<br><br>Ano-ano ang mga damit na ating isinusuot araw-araw? Ano kaya ang mga damit na mababanggit sa tula? | Tula: Pagkaing Pampalusog (C.M.S. Acu) Tingnan sa Apendiks<br><br>Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita/ konsepto na nasa tula.<br>Pagganyak:<br>Ano-ano ang mga paborito ninyong pagkain? (Magpakita ng<br>larawan ng iba't ibang pagkain tulad ng prutas, gulay at iba pa. Hayaan ang mga bata na kilalanin at magkuwento tungkol sa mga ito. | Awitin ang Kaibigang Libro<br><br>Story: **Si Joey At Ang Gulay Gang** (Beng Alba, OMF Lit. para sa Hiyas)<br><br>Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita/ konsepto na nasa kwento sa pamamagitan ng paggamit nito sa pangugusap at pagpapakita ng larawan o pagpapakitang kilos ng guro.<br>-napabulalas<br>-manghang-mangha<br>-buntong hininga<br><br>***Pagganyak:***<br>Ano ang paborito mong pagkain?<br>Makabubuti ba ito sa iyo? | Tula: **Pagkaing Pampalusog** (C.M.S. Acu)<br><br>***Pagganyak:***<br>Ano ang paborito mong ulam na niluluto ni Nanay?<br><br>***Pangganyak na Tanong:***<br><br>Anong mga pagkain ang mga binanggit sa tula? |




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ***Pangganyak:***<br><br>Iguhit o ilarawan ang inyong bahay.<br>Magkakapareho ba kayo ng hitsura ng bahay?<br>Ano kaya ang sabi sa tula? | (Basahin ng guro ang tula habang ipinakikita ang uri ng damit na binanggit sa tula.) | ***Pangganyak:***<br><br>Ano ang paborito mong pagkain? Aling paborito mong pagkain kaya ang mababanggit sa tula? | ***Pangganyak:***<br>Ano kaya ang paboritong pagkain ni Joey?Nakabubuti kaya ito sa katawan? | |
| | **Talakayan**<br><br>Pag-usapan ang tula.<br>Ano ang sabi ng tula tungkol sa hitsura ng ating mga bahay?<br><br>Sino ang nagpapagawa ng bahay?<br>Bakit mahalaga ang bahay?<br>Ano ang maaaring mangyari kapag wala tayong tirahan?<br>Sino – sino ang mga nakatira rito?<br><br>Ano-ano ang makikita sa loob ng tahanan o bahay?<br>Tayo nang gumuhit:<br>Iguhit ang gusto mong bahay at kulayan ito. | **Talakayan**<br><br>Ano-ano ang damit ang binanggit sa tula?<br>Bakit mahalaga ang may damit?<br>Para sa guro:<br>Pangkatin ang mga bata. Bigyan ang bawat pangkat ng larawan ng mga damit. Hayaan ang bawat pangkat na magsabi ang halaga ng mga ito at kung kailan nila ito sinusuot. Gabayan sa pagsagot ang mga bata. Magpakita ng larawan ng simbahan, party, maaraw at maulan na panahon, paaralan, palaruan.<br>Anong kasuotan o damit ang akmang isuot sa mga pinakitang larawan at bakit? | Pagbasa sa Tula ng Guro<br>**Talakayan**<br>Aling mga paborito niyong pagkain ang nabanggit sa tula?<br><br>Ano – ano pa ang mga pagkain ang binanggit sa tula?<br>Ipares sa larawan na ipinakita sa inyo ang mga pagkaing binanggit sa tula.<br>Para sa guro:<br>1.Ipaguhit sa mga bata pagkaing mga paborito nila na nakapagpapalakas at nakabubuti sa katawan at pakulayan ito. | **Talakayan**<br><br>Ano-ano ang hilig kainin ni Joey?<br><br>Ano ang epekto ng mga pagkaing ito sa kanyang kalusugan?<br><br>Paano naiba ang mga hilig na kainin ni Joey?<br><br>Ano ang naging pagbabago sa kaniyang pangangatawan?<br><br>Gusto niyo rin bang mangyari sa inyo ang nangyari kay Joey? Bakit? | **Talakayan**<br><br>Ano ano ang mga pagkain ang nabanggit sa tula?<br><br>Ano ang luto ng karne ang gusto mo? Yung piniprito, inihaw o yung may sabaw?<br><br>Ano-ano ang lutong ulam ang ginagawa ni Nanay sa mga Grow Foods na inyong alam?<br><br>Alam n'yo ba ang kaibahan ng pinirito, inihaw at may sabaw? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Teacher's Supervised Activity** | Balikan natin ang mga gamit sa ating tahanan.<br><br>**Ating isipin:**<br>Ano-ano ang makikita sa loob ng bahay na nagsisimula sa letrang Aa?<br>(Magpapakita ang guro ng mga larawan na makikita sa loob ng bahay. Ipaturo sa mga bata ang bagay na nagsisimula sa letrang Aa.)<br><br>Pag-aralang muli ang letrang Aa. Gumamit ng iba pang estratehiya upang matutunan nila ito tulad ng:<br>Pagsunod sa wastong tunog/Pakikinig sa wastong tunog ng letra<br>Pagpapakita ng mga bagay na nasisimula sa letrang Aa<br>*Matching letter Aa with pictures*<br>Gumamit ng *playdough* | Kailangan bang laging bago ang damit? Bakit?<br><br>**Para sa guro:** Muling talakayin ang letrang Aa sa bahaging ito. Magbigay ng gawain sa mga bata tulad ng paghanap ng mga larawan ng mga bagay na nagsisimula sa letrang Aa. Kilalanin ang mga bagay na nagsisimula sa letrang Aa at itunog bago sabihin ang pangngalan.<br>Hal.<br><br>a- aso  | 2. Ipakilala ang letrang Aa sa araling ito.<br><br>Gamitin ang larawan ng pagkaing nagsisimula sa letrang Aa bilang panimula tulad ng atis. Magpakita ng iba pang larawang nagsisimula sa letrang Aa.<br><br>Ituro ang wastong tunog at ipakilala ang letra.<br><br>Magkaroon ng iba pang gawain tungkol sa araling ito. | Para sa Guro:<br><br>Talakayin ang *Go* at *Glow Foods*.<br>Magpakita ng mga larawan ng halimbawa ng mga pagkain sa bawat isa.<br><br>Talakayin ang kahalagahan ng bawat isa.<br><br>Ipagawa ang Pinggang Pinoy (Sumangguni sa Appendiks)<br><br>Gulay vs. Tsitsirya (Sumangguni sa Appendiks)<br><br>Muling talakayin ang letrang Aa sa bahaging ito. Magbigay ng gawain sa mga bata. | Basahin ng guro ang Tula, "Pagkaing Pampalusog" na may kasamang larawan. Talakayin ito sa mga mag-aaral<br><br>*Rebus*<br>Pagkaing Pampalusog (Sumangguni sa Appendiks)<br><br>Muling talakayin ang letrang Aa sa bahaging ito. Magbigay ng gawain sa mga bata.<br><br>Maaaring ipasulat ang malaki at maliit na letrang Aa. |

| | |
|---|---|
| ***Supervised Recess***<br>(15 minuto) | Mga bata sampung minuto na lang ang natitira. Pumalakpak tayo ng limang beses para sa natapos nating mga gawain. Sabay, sabay, 1, 2, 3, 4, 5.<br>Maghahanda na ang lahat para tayo'y kumanta ng . Pagkatapos, tayo ay pumila para sa paghuhugas ng ating mga kamay.<br><br>Kung handa na ang lahat sa mga dala-dalang pagkain, tayo ay magpasalamat o magdasal.<br><br>(Kapag kumakain na ang mga bata) Puwede rin kayong magbahagi ng pagkain sa mga kaklase. Bago matapos ang limang minuto, maaring itanong, "Ano ang lasa/kulay/hugis ng iyong pagkain?"<br>Pagkatapos kumain, maghugas uli ng mga kamay. Mahalaga na palaging malinis ang ating mga kamay para maiwasan ang pagkakaroon ng sakit. |
| ***Quiet / Nap Time***<br>(10 minuto) | Awitin nang mahina ang Munting Bituin habang nagpapahinga ang mga bata.<br><br>Tapos na ang sampung minuto, muli maghahanda tayo sa iba pang mga masasayang gawain. Kakantahin natin muli ang "Masaya kung sama-sama".<br><br>May mga inihandang mga set ng gagawin sa bawat grupo. Maaring ang lider ng bawat grupo ang kukuha ng mga gamit na nasa mesa. Lalapit ako sa bawat grupo para ipaliwanag kung paano gagawin ang mga binigay na mga gamit. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| ***Circle Time 2 (Work Period)*** (40 minuto) | Awit: *I Love Math* (Filipino Version<br><br>Tara nang bumilang:<br><br>(Muling ipakita ng guro ang iba't ibang gamit na makikita sa loob ng tahanan.)<br><br>Mga tanong:<br><br>Ilan ang mga gamit na makikita sa loob ng tahanan?<br>Bilangin natin. *(one to one correspondence)*<br><br>Tingnan ang hugis ng bawat isa. Anong bagay ang hugis bilog? At iba pa. Pag-usapan ang mga hugis<br><br>Iguhit at kulayan ang mga sumusunod:<br>1 tao<br>3 bahay<br>4 na hugis bilog<br>2 hugis kahon<br>5 baso | Awit: <u>Isa, Dalawa, Tatlo</u> (Sumangguni sa Appendiks)<br><br>*Gawaing pambata:*<br><br>Pagsama-samahin ang mga damit ayon sa hinihinging bilang ng guro. Magpapakita ang guro ng *"flash card"* na may nakasulat na bilang. (Gamit ang mga larawan na nasa bawat pangkat.)<br><br>Hal. *Flash card*<br><br>**Para sa guro:**<br><br>Tiyakin na may sapat na bilang ng mga larawan ng mga damit ang bawat pangkat ayon sa hinihingi sa gawain. | *Learn A Song*:<br>Iparinig sa mga bata ang awiting Bahay Kubo (Tingnan sa Apendiks)<br><br>Ipaliwanag ang mga salita gamit ang larawan. Hayaang magkuwento ang mga bata tungkol dito.<br><br>-munti<br>-sari-sari<br>-paligid-ligid<br><br>Tanungin ang mga bata kung anong pagkain o gulay ang binanggit sa awit. Magpakita ng larawan ng bawat isa.<br><br>Tanungin sila kung alin sa mga ipinakitang gulay ang kinakain nila.<br><br>Bilangin ang mga pagkaing binanggit sa tula. Ilan lahat sila? | Awit: *I Love Math* (Filipino Version)<br><br>Gawain Pambata: Pagkatang Gawain.<br>Para sa Guro: Bigyan ng mga larawan ng iba't ibang pagkain ang mga bata na nasa *Go at Glow Foods.*<br><br>Ipapangkat o ipagrupo sa mga bata ang mga pagkain na nasa *Go at Glow Foods.*<br><br>Ipabilang ang pagkain na nasa bawat pangkat, Isulat ang bilang sa "*Show Me Board"*<br><br>Sabihin kung alin ang marami at alin ang kaunti. | Awit: (*Suggested from YouTube* ) Maging Malusog na Bata by Flexy Bear Original<br><br>Para sa Guro:<br>Itanong sa mga bata ang mga kailangan nila upang maging malusog at ligtas.<br><br>Maaring ipagawa:<br><br>**1. Pagguhit**<br>Ipaguhit ang mga pangangailangan nila (inaasahang sagot: bahay, pagkain at damit.) at pakulayan ang mga ito. Ipasabi sa mga bata ang kahalagahan ng bawat isa.<br><br>2. **Ilan Lahat?**<br>Isulat ang bilang ng nasa larawan sa pamamagitan ng pagbakat. (*tracing*).<br><br>Hal. 2 mangga<br>at pakulayan ang mga ito.<br> |

<table>
<tr><td>Mga Gawain sa grupo<br>(Independent Activities)</td><td colspan="5">Early Literacy Related Activities:<br>Mga Gulay Sa Bahay Kubo<br>Fruits and Vegetables Bingo<br><br>Math Related Activities:<br>I Spy Food<br>Pinggang Pinoy</td></tr>
<tr><td rowspan="3">Indoor/ Outdoor Play<br>(35 minuto)<br>Activities</td><td colspan="5">Tapos na ang limang minuto, muli maghahanda tayo sa iba pang mga masasayang laro. Kakantahin nating muli ang “Masaya kung sama-sama”.</td></tr>
<tr><td>Relay: Skip and Tell! (Tingnan sa Apendiks)</td><td>Egg relay</td><td>Prutas at Basket</td><td>Egg Relay</td><td>Sawsaw Suka</td></tr>
<tr><td colspan="5">Pagkatapos ng 10 minuto ibabalik na natin ang mga ginamit natin sa paglalaro at uupo na tayo upang magpaalam.<br>(Kapag tapos na ang 10 minuto) Iligpit na natin ang mga ginamit natin at umupo na tayo.<br>Maaari ring kantahin ang “Isa, Dalawa, Tatlo” (sumangguni sa Appendiks).</td></tr>
<tr><td>Wrap Up Time (mensahe) & Dismissal<br>(10 minuto)</td><td colspan="5">Anong gawain ang inyong naaalala o nagugustuhan? Ano-ano ang mga ginawa ninyo sa araw na ito? Alin sa mga ito ang madali? mahirap? masayang gawin? Ipaliwanag ang iyong sagot. Ano ang iyong natutunan?<br>Bakit mahalagang unawain ang ating mga kasama sa paaralan o pati na rin sa ating mga tahanan. Awitin natin ang kantang (paalam) _. Maghanda na ang lahat para sa pag-uwi.<br>Itanong muli ang pangganyak na tanong ng kwento.</td></tr>
<tr><td colspan="6">Dismissal Routine:<br>Paalalahanan ang mga mag-aaral tungkol sa pag-iingat sa pag-uwi (halimbawa, pagtawid ng kalye), sa mga takdang aralin o kailangang ipaalala sa mga magulang, atbp. Sabihing naging masaya ang araw dahil sa kanila kaya’t bumalik sila bukas.</td></tr>
</table>

| LINGGUHANG PAGNINILAY NG GURO | |
|---|---|
| **Mga Tanong Sa Pagninilay** | |
| A. Aling bahagi ng gawain ang nagustuhan ng mga bata? Bakit? | |
| B. Alin ang hindi nila gaanong nagustuhan? Bakit? | |
| C. Sa iyong palagay, aling istratehiya sa pagtuturo ang naging epektibo? Bakit? | |
| D. Anong inobasyon/ lokal na materyales ang iyong ginamit sa araw na ito? Ano ang naging reaksyon ng mga bata dito? | |
| E. Anong obserbasyon sa mga bata ang gagamitin mo upang lalo pang mapaganda ang iyong pagtuturo? | |
| F. Nasagot ba ng mga bata ang mga tanong? (tingnan ang mga katanungan pagkatapos ng mensahe). | |

Inihanda ni: Sinuri ni Pinagtibay ni:

Guro Dalubguro Punongguro

**Apendiks**

**A. Mga Gawaing Kaugnay Ng Tema**

**Layunin:**

1. Nasasabi ang kahalagahan ng pagkakaroon ng damit.
2. Nakikilala ang iba't ibang damit na ginagamit sa araw-araw.

**Ako ay may Damit**
(M. M. Andanza)
Iginuhit ni: Klarize B. Bermejo

Ako ay may mga damit o kasuotan
Sinusuot ko ang mga ito araw-araw
Binili ito nina Nanay at Tatay
Iba't ibang klase ayon sa
pangangailangan.

May pampasok sa paaralan,
May pantulog, panglaro at pamasyal Iba
rin ang damit para sa pagsimba
May damit din para sa tag-init at tag-ulan.

.

Lahat ng mga ito ay mahalaga
Ayon sa gamit nila
Aking katawan ay may proteksyon
Sa lahat ng uri ng panahon.



Layunin: Nasasabi na ang tirahan ay mahalaga. Ito ay nagbibigay ng proteksyon mula sa init ng araw, ulan at malamig na panahon

**Ang Ating Tahanan**
M.M. Andanza
Iginuhit ni: Klarize B. Bermejo

Ang ating tahanan
Iba't ibang uri mang tingnan
Ito ay matatag at matibay
Pinagawa nina Tatay at Nanay
Umaraw at umulan man
Sigurado ang ating kaligtasan.





**Gulay vs. Tsitsirya**

Layunin: Nabibilang ang mga bagay ayon sa ibinigay na pagpapangkat

Mga gagamitin: Larawan ng mga gulay, prutas at mga tsitsirya, kendi, tsokolate etc. (maaari ring mga balot nito, 2-3 Manila Paper, Pentel pen, scotch tape
Bilang ng kasali: Lahat ng bata

Pamamaraan:

Hatiin ang mga Manila paper sa gitna. Isulat ang salitang Gulay at Prutas sa itaas ng kalahating bahagi at Tsitsirya sa kabilang bahagi.

Gumawa ng karampatang dami ng chart para sa bawat mesa.
Ibahagi ang mga larawan at mga na balat ng tsitsirya.
Hayaan idikit ng mga bata sa tamang bahagi ang larawan o balat na hawak nila.
Ipapakita ng lider ng bawat mesa ang kanilang gawa.

**Relay: Skip and Tell!**

1. Pangkatin ang mga bata sa 5.
2. Maghanda ng mga larawan ng ulan, Araw, bagyo, Hayop ( insekto). Ilagay ito sa kahon. Haluan ng iba pang larawan tulad ng halaman. Ihanda ito para sa 5 pangkat.
3. Ilagay ang mga larawan sa kahon at ilagay sa base na may 3 -meter distance kung saan kukunin ang larawan isa-isa ng mga bata sa kahon.
4. Papilahin ang bawat pangkat.
5. Sa bilang ng 3 ng guro, ang unang bata sa pila ay mag-skip papunta sa kahon.
6. Ipahanap sa kahon ang larawan na naiiwasan kapag may tirahan.
7. Kapag nahanap na sabihin kung bakit nakatutulong ang tahanan sa pamilya o sa tao tulad ng ulan.
   Hal. Ang tahanan ay nakatutulong upang hindi tayo mabasa ng ulan.
8. Bumalik sa pila at sumunod ang iba pang miyembro ng pangkat.

**Pagkaing Pampalusog Rebus (*Poem*)**

Layunin: Nabibigkas ang tula sa gabay ng guro
Nakikilahok nang aktibo sa usapan
Nagagamit ang mga piling salita sa tulong ng larawan

Mga gagamitin: *Manila paper, marker, Laptop, Projector* o *TV*
Bilang ng kasali: Lahat ng bata


Pamamaraan: (Para sa Guro)

1. Isulat ang tula sa *Manila paper o PowerPoint Presentation*, Samahan ito ng larawan ng mga pagkaing nabanggit.


2. Basahin at talakayin ng guro ang tula.

**Pagkaing Pampalusog**

May kantang nagsasabi na
ang gatas at itlog
Ay mga pagkaing pampalusog.
Nakalimutan banggitin
Ang keso at butong gulay ay
mabuti ring kainin.



Isama mo rin sa lista
Ang karneng manok, baboy at baka. Mga
pagkaing mayaman sa protina, Mabilis
gagaling ang sugat, Siguradong
tatangkad ka pa.
Ihawin, isigang o ilaga man
Tiyak masarap ang kainan.



| Mga Gulay sa Bahay Kubo | |
|---|---|
| Singkamas<br>Talong<br>Sigarilyas<br>Mani<br>Sitaw<br>Bataw<br>Patane<br>Kundol<br>Patola | Upo<br>Kalabasa<br>Labanos<br>Mustasa<br>Sibuyas<br>Bawang<br>Luya<br>Linga |
| | |

**Bahay Kubo**
Felipe P. De Leon
*National Artist*

Bahay kubo, kahit munti
Ang halaman doon ay sari-sari
Singkamas at talong, sigarilyas at mani
Sitaw, bataw, patani
Kundol, patola, upo't kalabasa
At saka meron pa, labanos, mustasa
Sibuyas, kamatis, bawang at luya
Sa paligid-ligid ay puno ng linga

*Guide for Teacher*:
**Bahay Kubo Takdang Aralin ng bata.**

Magdala ng isang gulay at isang prutas na wala sa kantang Bahay Kubo.

Layunin: Nasasabi ang iba't ibang gulay sa kantang Bahay Kubo
Naiisa-isa ang mga bagay ayon sa katangian (hugis, kulay, gamit)
Napagsusunod-sunod ang mga bagay ayon sa ibinigay na katangian (laki, haba), at ilarawan ang kanilang relasyon (malaki, mas malaki, pinakamalaki o mahaba, mas mahaba, pinakamahaba)

Mga gagamitin: mga dinalang gulay at prutas
Bilang ng kasali: lahat ng bata

Pamamaraan: (Para sa guro)

Pangalanan at ihilera sa isang mesa ang mga dalang gulay at mga prutas ng mga bata.
Pagsasamasamahin ng mga bata ang mga prutas at gulay ayon sa: hugis, kulay, laki, dami, salat (feel), tekstura *(texture),* pinagsamang hugis at kulay; laki at kulay, laki at dami ng dahon, pagkakasunod ng laki (malaki, mas malaki, pinaka malaki), (maliit, mas maliit, pinakamaliit). Ipagawa sa mga bata ang mga gawain nang isa-isa.

***Fruits and Vegetables Matching***

Layunin:
Napagsasamasama ang mga bagay ayon sa katangian nito (pagkakatulad at pagkakaiba)
Nakasusunod sa mga alituntunin
Naisasagawa ang koordinasyon ng kamay at mata

Mga gagamitin: Mga *cards* na may mga larawan ng mga prutas at gulay
Bilang ng kasali: lahat ng bata

Pamamaraan: (Para sa guro)
1. Ipamahagi ang mga "*cards*" sa bawat bata.
2. Gumawa ng dalawang pangkat: prutas at gulay.
3. Papilahin ang mga batang may dalang "card" ayon sa kanilang napili, prutas o gulay.



**Mga Gulay sa Bahay Kubo**

Layunin: Nasasabi ang mga bagay ayon sa kinabibilangang pangkat

Mga gagamitin: Activity Sheet, lapis
Bilang ng kasali: Lahat ng bata


Pamamaraan:

Ilagay sa tamang bahagi ng tsart kung ang larawan na hawak ay nakikita o nabanggit sa awiting Bahay Kubo.

*Activity Sheet*

| Gulay sa bahay kubo | Wala sa bahay kubo |
| --- | --- |
| | |

**I Spy Food**





Layunin: Nabibilang ang mga larawan na nasa pangkat

Mga gagamitin: *Photocopied activity sheet, isa-isang larawan ng bilang (ginupit na larawan ng numero )*
Bilang ng kasali: lahat ng bata

Pamamaraan:

1. Ipamahagi ang mga larawan/worksheets.
2. Hanapin at bilangin ang mga magkakatulad na bagay na hinihingi sa larawan.
3. Idikit ang tamang bilang o numero sa larawan. (Bilang ng itlog; paa ng manok at iba pa)

**Ano ang susunod?**




Layunin: Napagsusunod-sunod ang mga bagay ayon sa kumbenasyon (*patter*

Gagamitin: Activity Sheet

Bilang ng kasali: Lahat ng bata


Pamamaraan:

Babasahin ng guro ang mga panuto sa bata.

1. Tingnan ang mga larawan sa bawat hanay.
2. Piliin ang tamang kasunod na larawan na nasa ibaba.
3. Gupitin at idikit ang tamang sagot sa kahon.

**Pinggang Pinoy**

Layunin: Naipahahayag ang mga ideya sa pamamagitan ng mga simbolo (mga guhit, mga imbentong baybay)
Nailalapat ang mga konsepto ng Go, Grow at Glow
Nakaguguhit, nakapagpipinta at nakapagkukulay ng iba't ibang bagay o gawain




Mga gagamitin: Lapis at pangkulay
Bilang ng kasali: lahat ng bata

Pamamaraan:

1. Ipakita sa bata ang larawan ng Pinggang Pinoy.
2. Ipaliwanag ang pagkakahati sa bahagi ng pinggan ukol sa tamang dami ng kakainin base sa tatlong pangkat ng pagkain.
3. Ipamahagi ang mga pinggang gagamitin sa gawain.
4. Magpaguhit sa mga bata ng pagkain na nababagay sa bawat bahagi.
5. Isulat sa tabi ng drawing ang pagkain na ginuhit. (maaring gumamit ng "*invented spelling*")
6. Tulungan ang mga batang hindi pa marunong mag "label". Isulat sa papel ang kanyang iginuhit, ito ang kokopyahin niya.

**INDOOR/ OUTDOOR GAMES**

**Egg Relay**

Layunin: Naipakikita ang maayos na pakikipaglaro.
Natutuhan ang gamit ang "ibabaw at pagitan."
Nagagamit ang mga kilos lokomotor at di-lokomotor sa paglalaro.

Mga gagamitin: 2 plastic na itlog Bilang ng
kasali: lahat ng bata

Pamamaraan:

1. Gumawa ng dalawang grupo at papilahin ang mga bata batay sa kanilang taas. (mababa-patangkad)
2. Ang unang bata sa hara pang hahawak ng itlog.
3. Ang layunin ng laro ay maipasa ang itlog sa taas ng ulo papunta sa likod at sa pagitan ng binti pabalik sa harap.
4. Siguraduhing hindi mabibitawan ang itlog sa laro.

**Mga Prutas sa Basket Relay**

Layunin: Naisasagawa ang maayos na pakikipaglaro.
Nagagamit ang mga kilos lokomotor at di-lokomotor sa paglalaro.

Mga gagamitin: mga plastic na prutas at dalawang basket
Bilang ng kasali: kung ilan ang bilang ng prutas

Pamamaraan:

1. Hatiin sa dalawang grupo ang mga kasali.
2. Ang bawat pila ay nakaharap sa upuan na mga 4 na metro ang layo at may tray kung saan nakalagay ang mga prutas.
3. Ang bawat linya ay bibigyan ng basket.
4. Ang unang manlalaro ay may hawak ng basket.
5. Sa hudyat ng simula, tatakbo ang manlalaro papunta sa upuan, kukuha ng prutas, iikot sa upuan bago makabalik sa linya.
6. Inaabot ang basket sa kasunod sa pila at siya ay pupunta sa hulihan ng linya.
7. Ang unang makatapos ang panalo.

**Mga Kanta At Mga Tula**

| | | |
|---|---|---|
| **Kaibigang Libro**<br><br>Ako ay kaibigan<br>Kaibigang Libro<br>Laging handang magkwento sa inyo<br>Ingatan nyo ako<br>Alagaan nyo ako<br>Ako ay kaibigan<br>Kaibigang Libro<br>Huwag aapakan | Awitin o humiging (hum) pag oras ng pahinga<br>**Munting Bituin**<br><br>(Twinkle, Twinkle Little Star)<br>Kay ningning munting bituin<br>Liwanag sa gabing madilim<br>Kislap ng kislap parang kulisap Nagtatago sa likod ng ulap<br>Kay ningning munting bituin<br>Liwanag sa gabing madilim | **Masaya Kung Sama-sama**<br><br>Masaya kung (sama-sama) 3x<br>Masaya kung sama-sama<br>At may tawanan<br><br>Kay lungkot ng buhay<br>Kung wala kang kaibigan<br>Masaya kung sama-sama<br>At may tawanan |

| | | |
|---|---|---|
| Huwag uupuan<br>Huwag pupunitin<br>Ang mga pahina<br>(Ulitin ang stanza 1) | **Twinkle Twinkle Little Star**<br><br>Twinkle twinkle little star<br>How I wonder what you are<br>Up above the world so high<br>Like a diamond in the sky<br>Twinkle twinkle little star<br>How I wonder what you are<br><br>**Ili-ili Tulog Anay**<br><br>Ili-ili tulog anay<br>Wala diri imong nanay<br>Kadto tienda bakal papay<br>Ili-ili tulog anay<br><br>(Mga buwan ng taon, sa saliw ng Lubi,Lubi)<br>**Mga Buwan Ng Taon**<br><br>Enero, Pebrero, Marso, Abril, Mayo<br>Hunyo, Hulyo, Agosto, Setyembre, Oktubre,<br>Nobyemre, Disyembre<br>lubi-lubi.<br><br>**Mga Araw Sa Isang Linggo**<br>Linggo, Lunes, Martes, Miyerkules<br>Huwebes, Biyernes, Sabado | **The More We Get Together**<br><br>The more we get (together 3x)<br>The more we get together<br>The happier are we<br>For your friends Are my friends<br>And my friends Are your friends<br>The more we get together<br>The happier are we<br><br>**Kumusta, Kumusta**<br>Kumusta, kumusta, kumusta<br>Kumusta kayong lahat<br>Ako'y tuwang-tuwa<br>Masaya't nagagalak<br>Tralalalala, Tralalala (2x)<br><br>**Isa, Dalawa, Tatlo**<br><br>Isa, Dalawa, Tatlo<br>Una-uahan tayo<br>Apat, lima, anim<br>Sa balong malalim<br>Pito, walo, siyam<br>Lakad parang langgam<br>Pagdating sa sampu<br>Ang lahat ay umupo. |

**Rhymes**

**I Wiggle My Fingers**

I wiggle my fingers
I wiggle my toes
I wiggle my head
I wiggle my nose
Now no more wiggles
Are left in me
I'm ready to listen
To teacher's story

**Sampung Malulusog na Bata**

(Sa himig ng Ten Little Indian Boys)
Isa, dalawa, tatlong mga bata Apat, lima, anim na mga bata
Pito, walo, siyam na mga bata Sampung malulusog na bata
(may sipi sa youtube.com)

**Ang Gatas At Ang Itlog**

Ang gatas at ang itlog
Ay pagkaing pampalusog.
Ang saging at papaya
Ay pagkaing pampaganda.
Ikaw'y uminom ng gatas
At kumain ka ng itlog.
Hindi magtatagal
At ikaw'y bibilog.
Alagaan mo ang manok,
Bibigyan ka ng itlog.

**Bahay Kubo**

Felipe P. De Leon
National Artist Composer

Bahay kubo, kahit munti
Ang halaman doon, ay sari-sari
Singkamas at talong, sigarilyas at mani
Sitaw, bataw, patani
Kundol, patola, upo't kalabas
At saka meron pa, labanos,mustasa
Sibuyas, kamatis, bawang at luya
Sa paligid-ligid, ay puno ng linga

**Magtanim Ay 'Di Biro**

Magtanim ay 'di biro
Maghapong nakayuko
'Di man lang makaupo
'Di man lang makatayo

Koro:
Braso ko'y namamanhid
Baywang ko'y nangangawit
Binti ko'y namimitig
Sa pagkababad sa tubig

Sa umagang paggising
Ang lahat iisipin
Kung saan may patanim
May masarap na pagkain

Ulitin ang koro:

Halina, halina, mga kaliyag
Tayo'y magsipag-unat-unat
Magpanibago tayo ng landas
Para sa araw ng bukas
Para sa araw ng bukas